# ADRIAN MEDINA PREGONIR

Si Adrian Medina Pregonir ay isang aktibista at manunulat sa Hiligaynon at Kinaray-a mula sa Southern Mindanao. Nagwagi ang kaniyang mga akda sa Gawad Rene O. Villanueva, Don Carlos Palanca Memorial Awards, Gawad Bienvenido Lumbera, Padya Dungug Kinaray-a, at Bantugan sa Panulatan Kinaray-a para sa tula at sanaysay. Nailimbag ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya tulad ng *Liwayway*, T*umandok Hiligaynon, TLDTD: Biannual Journal of Filipino Poets, Dx Machina ng UP Likhaan*, *Ani, 17 Halin sa Iraya, Likhaan Journal 17,* at iba pa. Siya ay naging Fellow para sa tula sa Davao Writers Workshop, Palihang Rogelio Sicat, San Agustin Writers Workshop, at Amelia Lapena-Bonifacio Writers Workshop.

# MONTANI SEMPER LIBERI

Id

Naglapak ang duha ka id sa landong sa tiilan sang Maitum. Nagbangiganay ang duha kon ayhan dayunon ang pagsaka sa mga mariit ng bungyod. Suno sa isa, madamo didto sang nagakatabo nga makatilingala nga mga butang. Nagatuhaw ang mga talunon sa mga dumuluong sa una nga tikang nila sini sa paa sang Matutum. Nagpuis ang isa nga wala man sing makatilingala nga butang. Indi man kuno matuod nga nagakabuang ang mga nagapanglakaton sa Bunkid Banahaw. Ina bangod may tuhay nga pagpaathag: gin-hypothermia sila sa tuman nga kalamig. *"May indi sakto nga butang!" "Ginoo ko, may agham!"*

Ego

Pasayluha ako nga indi ko ikaw pagtugtan nga magsaka sa Matutum. Ako lang ang mahimo. Ako ang takus. Teritoryo ko ato bangod nahauna ako nga nagpamatuod nga magapanong sa iya pukatod, Indi sing ikaw. Pasaylo. Sorry. I mean, Huo. Sorry. Ako ang nauna.

Superego

Magsaka ka sa kabukiran nga matadlong, Abyan. Mabudlay ang magpili kag magpat-od sa duha ka binutig nga pagtuo sa matuod nga dagway sang bukid. Mabudlay pihakon ang duha ka tiil agod magdihon ini sang landong nga magasulod

sa mga bungyod sang lain-lain nga panindugan. Dumduma nga nagakasala ikaw. Mabudlay man nga bakunado ikaw sang duha ka kalibutan sang nagaisahanon lamang nga ikono sang kahilwayan. Patumbayai ang imo kaugalingon nga magpamat-od kon may hilway gid man bala bisan pa buron ang nagahulat nga paglaom.

# MONTANI SEMPER LIBERI

Id
Humakbang ang dalawang id sa anino at paanan ng Matutum. Nag-aalitan ang dalawa kung itutuloy ba ang pag-akyat na matarik na pilapil nito. Ayon sa isa, maraming kababalaghan ang nagaganap. Nagpapakita ang mga lamanlupa sa mga dayuhang unang bininyagan ang kanilang yapak sa biyas ng matutum. Gumiit ang isa, na walang namang kababalaghan. Hindi naman totoo ang nangyayaring nababaliw kuno ang mga abenturero sa Bundok Banahaw. Talagang may paliwanag: na-hypothermia sila sa tinding kaligkig. "*May kababalaghan!*" "*Naku, may agham!*"

Ego
Paumanhin, at hindi ako pumayag na bumagtas ka sa Matutum. Ako lang ang dapat. Ako ang nararapat. Teritoryo ko iyon sapagkat mas nauna akong nagpasya na humimpil sa kaniyang tugatog. Hindi ikaw. Paumanhin. Sorry. I mean, oo, sorry. Ako ang nauna.

Superego
Humakbang ka sa bundok ng kawastuhan, Kaibigan. Mahirap pumili at magpasya sa dalawang baliswang paniniwala ukol sa bundok. Mahirap paghatiin ang dalawang paa upang lumikha rin ng anino ang bawat paa na sumuong sa mga pilapil ng iba't ibang paninindigan.  Isipin mong maysala ka. Mahirap

namang bakunado ka ng dalawang mundo sa nag-iisang ikono ng kalayaan. Hayaan mong magpasya ka kung may laya ba kahit ilusyon ang nakaambang pag-asa.